GABAY NA AKLAT SA

# PAGTUTURO

GABAY NA AKLAT SA

# PAGTUTURO

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga
Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

© 1994, 1999, 2001 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 3/01
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 3/01
Pagsasalin ng Teaching Guidebook
Tagalog

# Mga Nilalaman


Pambungad 1

Espirituwal na Ihanda ang Inyong Sarili 3

Magturo Gaya ng Pagtuturo ni Jesus 6

Gumamit ng Iba't Ibang Pamamaraan sa Pagtuturo 12

Ihanda ang Inyong Aralin 17

Unawain ang Inyong mga Tinuturuan 21

Mga Gantimpala ng Pagtuturo 24

Pangangasiwa ng Pagpapahusay ng Guro sa Sangay 26

Balangkas para sa Kurso sa Pagtuturo ng Ebanghelyo 29

Pagkuha ng mga Materyal ng Simbahan at Paghahanap ng Impormasyon Tungkol sa Kasaysayan ng Mag-anak 32


## Pamamahagi

Ang *Gabay na Aklat sa Pagtuturo* ay ginagamit na kasabay ng pangunahing kurikulum at maaari ding makatulong sa mga guro at iba pang miyembro sa yunit na gumagamit ng pangkalahatang kurikulum (tingnan sa *Impormasyon para sa mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan sa Kurikulum* [36363 893]). Ang gabay na aklat na ito ay makatutulong sa mga miyembro na mapahusay ang pagtuturo sa tahanan at sa mga organisasyon ng Simbahan. Bawat guro ay dapat makatanggap ng isang kopya; makatutulong din ito sa pinuno ng bawat mag-anak.

# Pambungad

Nilayon ang gabay na aklat na ito para sa mga magulang, pinuno, at guro. Magagamit ito bilang bahagi ng pagsisikap ng bawat isa na humusay bilang isang guro. Maaari itong gamitin bilang batayan para sa kursong Pagtuturo ng Ebanghelyo at sa mga pulong sa pagpapahusay ng guro (tingnan sa mga pahina 29–32).

Itinuro ng Panginoon:

"At binibigyan ko kayo ng kautusan na turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian.

"Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo, upang kayo ay lalong ganap na matagubilinan sa teoriya, sa alituntunin, sa doktrina, sa batas ng ebanghelyo, sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos, na kapaki-pakinabang ninyong maunawaan" (Doktrina at mga Tipan 88:77–78).



Ang tahanan ang dapat na maging pangunahing pook kung saan isinasagawa ito. Ang tahanan ay sinusuportahan ng pagtuturo at pagkatutong nagaganap sa simbahan. Lahat tayo ay may responsibilidad bilang mga guro sa tahanan at simbahan at kasama na ang ating mga kapitbahay at kasamahan sa pang-araw-araw na buhay. Nagtuturo tayo bilang mga magulang, anak, asawa, at kapatid. Nagtuturo tayo bilang mga pinuno sa Simbahan, mga guro sa silid-aralan, mga tagapagturo ng tahanan, at mga dumadalaw na tagapagturo. Nagtuturo din tayo bilang mga kasamahan sa trabaho, kapitbahay, at kaibigan. Kung minsan nagtuturo tayo sa pamamagitan ng ating pananalita at sa patotoong ipinahahayag natin, ngunit mas madalas pa sa riyan nagtuturo tayo sa pamamagitan ng halimbawa.

Sa baybayin ng Dagat ng Galilea, sinabihan ng nabuhay na mag-uling Panginoon si Pedro, "Pakanin mo ang aking mga tupa" (Juan 21:16–17). Hinihingi ng tungkuling magturo na pakainin natin ang mga kaluluwa ng iba ng mga katotohanan ng ebanghelyo at nang sa gayon ay maakay sila sa Tagapagligtas (tingnan sa Moroni 6:4). Isipin ninyo ang ginagampanan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa kaligtasan ng mga anak ng Ama sa Langit. May naiisip ba kayong isang tungkuling mas marangal o banal?

Kung kayo ay isang magulang o katatawag pa lamang na guro, maaaring lubha kayong nababahala hinggil sa responsibilidad na ito. Alalahaning handang tumulong sa inyo ang

Panginoon. Ipinangako Niyang kung tayo ay mapagpakumbaba at may pananampalataya, Kanyang "gagawin. . .ang mahihinang bagay na maging malalakas sa [atin]" (Eter 12:27). Sa ating mga pagsisikap na maging mahusay bilang mga guro, matututo tayo sa ating mga naging karanasan at mga napalagong kasanayan sa ating buhay sa ngayon. Madaragdagan ang ating mga kakayahan habang maingat tayong naghahanda, nagsisikap na palakasin ang ating mga tinuturuan, at nagtitiwala sa Panginoon.

# Espirituwal na Ihanda ang Inyong Sarili



Habang espirituwal na inihahanda ninyo ang inyong sarili, papatnubayan at tutulungan kayo ng Espiritu, o ng Espiritu Santo, sa inyong pagtuturo. Kailangan ang Espiritu Santo upang maituro ang mga alituntunin at katotohanan ng ebanghelyo. Sinabi ng Panginoon, "Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (Doktrina at mga Tipan 42:14). Ang mga sumusunod na mungkahi ay tutulong sa inyong paghahanda na magturo nang may patnubay ng Espiritu Santo.

## Maitalaga

Kapag tinawag kayo upang magturo, dapat kayong maitalaga at mabigyan ng isang natatanging pagbabasbas ng inyong mga pinuno ng pagkasaserdote. Ang pagbabasbas na ito ay tutulong sa inyong gampanan ang inyong



tungkulin. Habang ginagawa ninyo ang lahat ng inyong makakaya upang maglingkod sa inyong tungkuling magturo, daragdagan ng Panginoon ang inyong potensiyal na maimpluwensiyahan ang iba sa kabutihan. Palalaguin pa Niya kayo nang higit sa inyong mga sariling talento at kakayahan kung kinakailangan.


## Hangarin ang Patnubay ng Espiritu Santo

Hangarin ang Espiritu Santo habang kayo ay nagtuturo. Matutulungan Niya kayong maunawaan ang mga pangangailangan ng inyong mga tinuturuan at maihanda ang mga aralin na tumutugon sa mga pangangailangang iyon. Palalambutin Niya ang

inyong puso at ihahanda ang inyong isipan upang tanggapin ang karagdagang inspirasyon at patnubay.

## Manalangin nang Madalas

Manalangin nang madalas at hilingin sa Panginoon na basbasan kayo sa inyong pag-aaral at paghahanda. Kung minsan maaari ninyong dagdagan ng pag-aayuno ang inyong mga panalangin. Manalangin upang maunawaan at mahalin ang mga taong inyong tinuturuan. Matutong kilalanin at sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo na darating sa inyo.



## Pag-aralan ang mga Banal na Kasulatan

Pag-aralan nang may panalangin ang mga banal na kasulatan. Habang ginagawa ninyo ito, matututuhan ninyo ang tungkol sa Tagapagligtas at lalago sa kaalaman ng katotohanan. Tutulungan kayo ng Espiritu Santo na maunawaan ang mga banal na kasulatan at malaman kung paano magagamit ang mga ito sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase o pamilya. Sa pagdaragdag ng panalangin at pag-aayuno sa inyong pag-aaral ng banal na kasulatan, palalakasin at gagabayan kayo ng Espiritu Santo sa inyong pagtuturo.

## Ipamuhay ang Ebanghelyo

Lubos na ipamuhay ang mga turo ng ebanghelyo sa abot ng inyong makakaya. Pagsisihan ang mga nagawang paglabag. Habang ginagawa ninyo ang mga bagay na ito, makatatanggap kayo ng lakas at pang-unawa. Ang kapayapaan at kaligayahang inyong nadarama sa pagpupunyaging ipamuhay ang ebanghelyo ay makikita ng iba. Madarama nila ang katapatan ng inyong patotoo at ang lakas ng inyong pagtatalaga ng sarili sa gawain. Matuturuan sila ng halimbawa ng inyong buhay.

Isang guro ang nahirapan sa pagdama ng patnubay ng Espiritu Santo sa paghahanda niya ng kanyang aralin. Nang manalangin siya para sa tulong, natanto niyang may galit siyang nadarama sa kanyang puso sa isang kapitbahay na naging masungit sa kanya. Mapagpakumbaba niyang hiniling sa Panginoon na patawarin siya. Kinabukasan dinalaw niya ang

kanyang kapitbahay at humingi ng paumanhin sa naramdamang sama ng loob sa kanya. Naging mas malapit sila ng kanyang kapitbahay, at muli niyang natamasa ang patnubay ng Espiritu Santo.

## Maging Mapagpakumbaba

Ang pagpapakumbaba ay makatutulong sa inyong iwasan ang tukso na maghangad ng pansin para sa inyong sarili o masyadong umasa sa inyong sariling kaalaman o mga talento. Maipakikita ninyo ang pagpapakumbaba sa pamamagitan ng pagsunod sa payo sa Mga Kawikaan 3:5–6: "Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan. Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad. At kaniyang ituturo ang iyong mga landas." Itinuro ng Panginoon, "Maging mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin" (Doktrina at mga Tipan 112:10).

# Magturo Gaya ng Pagtuturo ni Jesus



## Mahalin ang Inyong mga Tinuturuan

Sa panahong nabuhay Siya sa lupa, ang Tagapagligtas ay nagpakita ng dakilang pagmamahal at pag-unawa sa bawat tao. Tinuruan niya ang mga maralita, ang mayayaman, ang mga itinakwil, at ang mga makasalanan. Tinuruan niya tayong mahalin ang bawat isa at tulungan ang isa't isa. Sinabi niya, "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa" (Juan 13:34). Habang nagpapakita tayo ng pagmamahal sa mga tinuturuan natin, mas nalalaman nila ang kanilang walang hanggang kahalagahan, mas sumisigla sa pagkatuto, at mas handang tanggapin ang Espiritu.

Ang kahulugan ng pagiging guro ng ebanghelyo ay higit pa sa pagtatanghal ng isang aralin bawat linggo. Nangangahulugan din ito ng pagaalala tungkol sa mga miyembro ng inyong klase. Magsikap na kilalanin



ang bawat isa sa kanila bilang isang indibiduwal. Tutulungan kayo nitong turuan sila nang mas epektibo. Maaari nilang kailanganin ang inyong tulong kapag mayroon silang mga problema, kapag hindi sila dumadalo, o kung mayroon silang mga kapansanan. Alalahanin ang talinghaga ng Tagapagligtas tungkol sa isang nawawalang tupa (tingnan sa Lucas 15:3–6).

Naobserbahan ng guro ng isang batang madalang dumalo sa klase na tuwing kakausapin niya ang pamilya ng bata anumang araw sa isang linggo, dumadalo ito sa simbahan sa Linggong sumusunod. Nagsikap siyang kausapin nang madalas ang mga magulang nito at banggitin ang kanyang pagmamahal sa kanilang anak. Sinundo pa niya ang bata sa paaralan isang araw nang nasa trabaho ang mga magulang upang hindi ito makaliban ng isang gawain sa klase.

Bilang guro, marami ka ring magagawa upang kaibiganin ang mga miyembro at tulungan silang manatiling matatag sa ebanghelyo. Lubhang mahalaga ito sa mga bagong miyembro. Lagi silang tulungang madama na tinatanggap sila. Humanap ng mga pagkakataon upang makalahok sila sa klase. Ihanda ang inyong sarili na ituro ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu at nang may pagmamahal.

## Ituro ang mga Katotohanan ng Ebanghelyo

Itinuro ng Tagapagligtas ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Binigyang-diin Niya ang mga unang alituntunin at ordenansa—pananampalataya, pagsisisi, pagbibinyag, at pagtanggap sa Espiritu Santo. Tinuruan Niya tayong mahalin at paglingkuran ang isa't isa. Itinuro Niya ang pagkasaserdote, mga tipan, at mga ordenansa, at ang lahat ng dapat nating malaman, gawin, at kahinatnan upang makalapit sa Kanya. Tayo man ay dapat magturo ng ebanghelyo gaya ng ipinahayag sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw. Hindi nararapat ang mga makamundong paksa, pansariling kuru-kuro, at walang katiyakan o nakapag-aalinlangang mga turo.

Simpleng itinuro ng Tagapagligtas ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Gumamit Siya ng maliwanag at nauunawaang pananalita, mga kuwento, at halimbawa mula sa pang-araw-araw na buhay. Kabilang sa Kanyang mga aralin ang maraming karaniwang karanasan na nauunawaan ng mga tao. Nagsalita Siya tungkol sa pagtunton sa isang nawawalang tupa, paghanap sa isang barya, at pagkatuwa dahil sa pagbabalik ng isang anak na lalaking naligaw ng landas (tingnan sa Lucas 15).

Madalas na gumagamit ng mga banal na kasulatan ang Tagapagligtas habang Siya ay nagtuturo. Akayin ang inyong mga tinuturuan sa madalas na paggamit ng mga banal na kasulatan sa oras ng aralin. Tulungan silang maunawaan na ang mga tao sa mga banal na kasulatan ay mga tunay na taong dumanas ng mga pagsubok at

kasiyahan sa kanilang mga pagsisikap na maglingkod sa Panginoon. Magtanong ng mga katanungang kakailanganing maghanap ng mga kasagutan sa mga banal na kasulatan ang inyong mga tinuturuan. Hikayatin ang bawat isa na mag-aral sa tahanan, at ipakita sa inyong mga tinuturuan kung paano gagawing epektibo ang pag-aaral na iyon. Turuan sila kung paano gamitin ang mga pantulong sa pag-aaral sa mga banal na kasulatan. Magbigay ng mga takdang-aralin na mangangailangan ng pagsasaliksik ng mga miyembro ng klase sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw.

## Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu

Dapat hangarin ng mga guro na taglayin ang Espiritu ng Panginoon kapag sila ay nagtuturo. Maaaring magturo ng malalalim na katotohanan ang isang tao, at ang mga miyembro ng klase ay maaaring lumahok sa mga nagbibigay-siglang talakayan, ngunit kung wala roon ang Espiritu, hindi maikikintal sa kaluluwa ang mga bagay na ito. Kapag naroon ang Espiritu, lumalakas ang pagmamahal nilang lahat sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, ang pagmamahal nila sa isa't isa, at ang pagtatalaga ng kanilang sarili sa pamumuhay ng ebanghelyo. Ang mga sumusunod ay ilang bagay na magagawa ninyo upang maanyayahan ang Espiritu sa inyong pagtuturo:

- Magsimula sa panalangin.
- Magturo mula sa mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta sa mga huling araw.
- Magbigay ng iyong patotoo.
- Magbahagi ng mga karanasan at anyayahan ang iba na gawin din ito.
- Gumamit ng musika (tingnan sa pahina 14).
- Ipakita ang inyong pagmamahal sa Panginoon at sa iba.

Kung maayos ninyong naihanda ang inyong sarili, bibigyan kayo ng liwanag at gagabayan kayo ng Espiritu Santo sa inyong pagtuturo. Maaari kayong makatanggap ng mga impresyon tungkol sa inyong mga tinuturuan at kung ano ang dapat ninyong bigyang-diin sa pagtuturo sa kanila. Maaari kayong makatanggap ng mga ideya at damdamin tungkol sa kung paano ninyo sila epektibong matuturuan. Ang inyong masisigasig na pagsisikap ay madaragdagan habang mapagpakumbaba ninyong sinusunod ang mga panghihikayat ng Espiritu. Matutulungan din ninyo ang inyong mga tinuturuan na kilalanin ang impluwensiya ng Espiritu.

## Mag-anyaya ng Masigasig na Pagkatuto

Sinabi ng Panginoon, "Maghanap kayo sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa



pamamagitan ng pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 88:118). Bawat miyembro ay may pananagutang magkamit ng kaalaman tungkol sa katotohanan sa pamamagitan ng kanyang sariling pagsisikap. Ang responsibilidad ng isang guro ay pukawin sa iba ang pagnanais na pag-aralan, unawain, at ipamuhay ang ebanghelyo. Upang maisakatuparan ang responsibilidad na ito, maaari ninyong ituon ang inyong pansin sa tatlong bagay:

1. Pukawin at panatilihin ang interes ng inyong mga tinuturuan. Isang susi sa paggawa nito ay ang inyong sariling sigla sa pag-aaral ng ebanghelyo. Ang isa pa ay ang paggamit ninyo ng mga pamamaraan sa pagtuturo na ginagawang malinaw, nakawiwili, at madaling tandaan ang inyong mga aralin (tingnan sa mga pahina 12–16]). Ang pagpukaw sa interes ay lubhang mahalaga sa simula ng isang aralin. Habang pinaplano ninyo ang inyong pagtuturo, humanap ng mga paraan upang maanyayahan ang Espiritu, kunin ang pansin ng lahat sa pamamagitan ng isang kawili-wiling panimula, at ituon ang pansin sa doktrina o alituntuning ituturo sa aralin.

2. Humikayat ng pakikilahok. Magplano ng mga paraan upang makilahok ang lahat sa inyong mga aralin. Maaari ninyong hilingan ang isang tao na basahin ang isang siping-banggit o banal na kasulatan o magsalaysay ng isang kuwento. Maaari ninyo silang anyayahang sumagot sa mga tanong at malayang talakayin ang materyal ng aralin. Maaari ninyong hilingan ang isang tao o higit pa na kumanta ng isang awitin o tumugtog ng isang instrumento. Maaari kayong pumili nang may panalangin ng isang tao na magbigay ng patotoo o magbahagi ng pansariling karanasan na may kaugnayan sa paksa ng aralin. Kung minsan mahalagang maagang hilingin ang ganitong pakikilahok upang ang mga hinilingan ay makapagsanay at makadama ng ginhawa sa pakikilahok.

   Ang pangunahing ideya ng aralin ng isang guro ay ang kahalagahan ng pagbasa ng Aklat ni Mormon. Inanyayahan niya ang mga kabataan sa kanyang klase na mag-isip ng isang taludtod sa banal na kasulatan na nagpabago sa kanilang buhay. Pagkatapos ay inanyayahan niya ang tatlo o apat na tao na kusang-loob na tumayo at magbahagi sa klase ng kanilang mga taludtod sa banal na kasulatan at ilarawan

kung paano binago ng mga talud-tod ang kanilang buhay. Habang nagbabahagi ng matatamis na damdamin ang bawat isa tungkol sa kapangyarihan ng Aklat ni Mormon, nagkaroon ng matinding pagnanais ang mga miyembro ng klase na basahin at pagnilay-nilayin ang mga banal na kasulatan araw-araw.

Ang ilang tao ay atubiling makilahok. Huwag hilingan ang mga tao na bumasa nang malakas o manalangin hanggang hindi kayo nakatitiyak na maluwag sa kanilang kalooban na gawin iyon. Kung may alinlangan kayo tungkol sa pagkukusa ng isang tao na makilahok, hilingan ang mga nagkukusang-loob kaysa tumawag ng isang taong maaaring nag-aatubili. Karamihan sa mga nag-aaral ay dahan-dahang natututong makadama ng ginhawa sa pakikilahok kung nakikita nila na pinakikitunguhan nang may pagpipitagan at paggalang ang mga nakikilahok.

3. Tulungan silang gamitin ang kanilang natutuhan. Dapat din ninyong tulungan ang mga nag-aaral na gamitin sa mga pangyayari sa kanilang buhay ang mga bagay na itinuro. Maaari itong kabilangan ng pagbibigay ng mga takdang-gawain at hamon na makatutulong sa mga miyembro ng klase na magkaroon ng mga karanasang may matututuhan sa mga katotohanang itinuro. Alalahanin na ang pag-aaral ng ebanghelyo ay walang kabuluhan kung hindi ipamumuhay ang ebanghelyo.

## Lumikha ng Isang Kapaligiran para sa Pagkatuto

Ang pinakamainam na kapaligiran para sa pagkatuto ng ebanghelyo ay kapag ang bawat taong naroon ay nagmamalasakit sa pagkatuto ng ibang miyembro ng grupo. Nadaragdagan ang pagnanais na matuto kapag ang mga guro at mag-aaral ay nagmamahalan at nagtutulungang unawain at ipamuhay ang ebanghelyo. Kapag kayo at ang inyong mga tinuturuan ay magkasamang gumagawa upang lumikha ng positibong kapaligiran para sa pagkatuto, mas malamang na hindi




magkakaroon ng mga abala. Dapat ninyong gawin ang lahat ng inyong makakaya upang lumikha ng gayong kapaligiran at tulungan ang inyong mga tinuturuan na malaman kung paano makapag-aambag dito.

Ang mga sumusunod ay ilang bagay na magagawa ninyo upang tumulong sa paglikha ng isang kapaligiran para sa pagkatuto:

- Dumating sa oras na dala ang lahat ng kailangang materyal at kagamitan para sa pagtuturo.
- Tiyaking ang silid-aralan ay malinis, maayos, maginhawa, at walang panggagambala hangga't maaari.
- Magsimula at magwakas sa oras.
- Isa-isang batiin at malugod na tanggapin ang mga miyembro ng klase, kung maaari.
- Gumawa ng mga bagay na nag-aanyaya sa Espiritu at nanghihikayat ng pagpipitagan at paggalang.
- Mahalin ang mga miyembro ng klase at tulungan silang makadama ng ginhawa sa pakikilahok.
- Magtanong ng mga katanungang makatutulong sa mga miyembro ng klase na ituon ang pansin sa paksa.
- Hikayatin ang mga miyembro ng klase na makinig sa isa't isa nang may pagpipitagan at pag-unawa.
- Mag-ingat sa mga pag-uusap na maaaring makapagpahamak o makapagpahina ng mga patotoo o kaya naman ay makapagtataboy sa Espiritu.

Kahit nagawa na ninyo ang lahat upang lumikha ng isang kapaligiran para sa pagkatuto, maaari pa rin kayong makasagupa ng ilang hamon. Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa inyong lutasin ang ilang karaniwang hamon at problema:

- Kung magkakaroon ng panggagambala, tumigil sa pagsasalita hanggang sa makuha ninyo ang pansin ng lahat. Pagkatapos ay ituloy ang aralin.
- Kung may mga taong nag-uusap sa oras ng aralin, kausapin sila nang sarilinan pagkatapos ng klase at tanungin sila kung ano ang magagawa ninyo at nila upang maging matagumpay ang klase.
- Kung may taong nangingibabaw sa talakayan sa klase, ituon ang mga katanungan sa ibang miyembro ng klase o magalang na imungkahing nais ninyong makarinig sa mga hindi pa nakalalahok.
- Kung ang mga miyembro ng klase ay may mga puna na aakay sa talakayan palayo sa paksa ng aralin, pahalagahan ang mga ito ngunit akayin ang talakayan pabalik sa paksa ng aralin.

Ang nakaaabalang pag-uugali ay mababawasan habang humahanap kayo ng mga paraan para madama ng bawat tao sa grupo na siya ay minamahal at tinatanggap at matagumpay na makalalahok.

# Gumamit ng Iba't Ibang Pamamaraan sa Pagtuturo



Marami kayong magagawa upang gawing kawili-wili ang mga pagtatanghal ng inyong aralin at matulungan ang mga miyembro ng klase na matutuhan ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Ilang mungkahi ang sumusunod:

## Gumamit ng mga Kuwento at Halimbawa

Ang mga kuwento at halimbawa ay pumupukaw at nagpapanatili sa interes ng mga tao at nagpapakita kung paano ipinamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa araw-araw.

Makatatagpo kayo ng magagandang kuwento sa mga banal na kasulatan at sa inyong manwal ng guro. Bago ituro ang inyong aralin, pag-aralan ang bawat kuwentong balak ninyong gamitin. Magsanay sa pagsasalaysay nito na gamit ang sarili ninyong mga salita. Mas lubos na makikinig ang inyong klase kung isasalaysay ninyo ang kuwento sa sarili ninyong mga salita, sa halip na basahin ito. Gayundin, nasisiyahan ang mas maliliit na bata na isadula ang mga kuwento.

Laging sinisimulan ng isang guro sa Primarya ang kanyang aralin sa isang kuwentong galing sa mga banal na kasulatan. Halimbawa, nang ang kanyang aralin ay tungkol sa kabutihan, nagkuwento siya tungkol sa mabuting Samaritano. Nailalarawan ng mga bata sa kanilang isipan ang lalaking ninakawan at ang mga lalaking

tumalikod at nagmamadaling umalis. Humanga sila sa kabutihan at dignidad ng Samaritanong nag-alaga sa sugatang lalaki. Sabik na naghihintay ang mga bata sa mga kuwentong ito. Natutong gamitin ng guro ang kanyang tinig at hitsura ng mukha upang mapanatili ang pansin ng kanyang klase. Mas naging maalam at interesado sa mga banal na kasulatan ang mga miyembro ng klase.

## Gumamit ng mga Larawan at Bagay

Madalas gumamit ang Tagapagligtas ng mga simpleng bagay habang Siya ay nagtuturo. Gumamit Siya ng trigo, buhangin, mga bato, at iba pang mga karaniwang bagay upang tulungan ang mga taong maunawaan ang Kanyang itinuturo. Halimbawa, inihalintulad niya ang kaharian ng Diyos sa isang natatagong kayamanang sa laki ng halaga ay ipagbibili ng isang tao ang lahat niyang pag-aari upang makamtan ito (tingnan sa Mateo 13:44).



Tumingin sa inyong paligid. Anong mga karaniwang bagay ang magagamit ninyo upang tulungan ang mga miyembro ng klase na lalong maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo?

Maaari kayong gumamit ng mga simpleng dibuho at larawan upang ipaliwanag ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ipakita ang isang larawan mula sa Pakete ng mga Larawan ng Sining ng Ebanghelyo habang nagsasalaysay kayo ng isang kuwento sa banal na kasulatan. Gumuhit ng mga simpleng larawan sa pisara o sa kapirasong papel upang gawing mas kawili-wili ang kuwento.

Isang guro ang nagbibigay ng isang aralin batay sa talinghaga ni Jesus tungkol sa trigo at mga mapanirang damo. Nakatira ang mga miyembro ng klase sa isang bukirin, kaya alam ng guro na mauunawaan nila na ang mga murang halaman ng trigo ay mapupuksa sa pamamagitan ng napakaagang pag-aalis ng mga ligaw na damo. Naghanda siya ng isang maliit na bungkos ng mga tangkay ng trigo kahalo ng mga ligaw na damo. Ipinakita niya ang bungkos na ito hanggang sa matapos ang aralin.

Hinikayat ng isa pang guro ang mga miyembro ng klase na mag-isip ng anumang bagay na maihahambing nila sa pagsisisi. Isang miyembro ng klase ang nagmungkahi na ang pagsisisi ay parang sabon, sa dahilang nalilinis tayo nito mula sa ating mga pagkakasala.

## Gumamit ng Musika

Ang musika ay isang mahusay na paraan upang maanyayahan ang Espiritu ng Panginoon sa inyong mga aralin. Tinutulungan tayo ng musika na magpahayag ng mga damdamin na maaaring mahirap ipahayag sa pamamagitan ng pagsasalita.



Ang mga himno ng Simbahan ay nagtuturo ng maraming alituntunin ng ebanghelyo at magagamit sa halos lahat ng aralin. Makapag-aanyaya kayo ng isang tao, grupo, o ng buong pamilya o klase na kumanta ng isang himno na may kaugnayan sa aralin. Maaari din ninyong basahin nang malakas ang mga salita ng isang himno habang tinutugtog ng isang tao ang saliw. O maaari kayong magpatugtog ng teyp ng isang himno.

Naghanda ang isang guro ng isang aralin tungkol sa paglilingkod. Pumili siya ng isang himno na sumusuporta sa pangunahing ideya. Sa oras ng aralin, inanyayahan niya ang isang kapatid na babae na basahin ang mga salita ng himnong ito habang hinihimig ng isa pa ang tono. Hiniling niya sa klase na tahimik na pag-isipang mabuti ang mga salita habang binabasa ang mga ito. Tinulungan ng musikang ito ang mga miyembro ng klase na mas madama ang kahalagahan ng paglilingkod.

**Magtanong ng mga Katanungang Nag-aanyaya ng Maingat na Pag-iisip at Lumilikha ng Talakayan**

Ang pagtatanong ng mga angkop na katanungan ay manghihikayat ng pinag-isipang pagkatuto at talakayan sa inyong aralin. Makatutulong ang mga katanungan at talakayan sa maraming paraan. Nakatutulong ang mga itong mapanatili ang pansin ng mga miyembro ng klase sa oras ng aralin. Malalaman ninyo kung nauunawaan ng mga miyembro ng klase ang aralin. Matuturuan ng mga miyembro ng klase ang isa't isa habang sinasagot nila at tinatalakay ang mga katanungan. Matututuhan nila kung paano isakatuparan ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang sariling buhay.

Habang naghahanda kayo ng mga



aralin, magpasiya kung anong mga katanungan ang inyong itatanong. Maaaring makatulong sa inyo ang mga sumusunod na mungkahi.

- Magtanong ng mga katanungang makatutulong sa mga miyembro ng klase na isipin ang alituntunin ng ebanghelyo at kung paano ito aangkop sa kanilang buhay. Ang mga katanungang pumupukaw ng pag-iisip ay madalas magsimula sa "bakit?" o "paano?" Dapat ninyong iwasan ang mga katanungang masasagot ng "oo" o "hindi" lamang o ng iba pang isang-salitang kasagutan.

  Halimbawa, sa pagtuturo ng isang aralin tungkol sa pagsesentro ng ating buhay sa Tagapagligtas, maaari kayong magtanong ng mga katanungang gaya ng sumusunod:

  "Ano ang ibig sabihin ng gawing saligan ang bato ni Cristo?"

  "Anong mga pundasyon maliban sa bato ni Cristo ang kung minsan ay nagiging saligan ng mga tao sa kanilang buhay?"

  "Paano kayo nabiyayaan nang gawin ninyong saligan sa buhay ang bato ni Cristo?"

- Magtanong ng mga katanungang makahihikayat sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga pansariling ideya at karanasan. Halimbawa:

  "Bakit tayo inuutusan ng Panginoon na laging manalangin?"

  "Paano Niya sinagot ang inyong mga panalangin?"

- Magtanong ng mga katanungang makatutulong sa mga miyembro ng klase na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Halimbawa:

  "Paano natin lalong maihahanda ang ating sarili na tanggapin ang mga kasagutan sa ating mga panalangin?"

  "Paano ninyo malalaman na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng daigdig?"

  "Paano ninyo mapalalakas ang inyong patotoo na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos?"

Kung may nagtanong sa inyo ng isang katanungan na hindi ninyo masagot, hilingin sa mga miyembro ng klase na tulungan kayong sagutin ito, o sabihin sa nagtanong na ibibigay ninyo ang kasagutan sa susunod na pagkikita.

Huwag mabahala kung tatahimik nang ilang sandali ang mga miyembro ng klase pagkatapos ninyong magtanong. Karaniwan ay kailangan nila ng panahon upang makapag-isip ng mga sagot. Gayunman, kung parang hindi nila nauunawaan ang katanungan, maaaring kailanganin ninyong baguhin ito. Kapag tinatanong ang isang tao, makatutulong na tawagin muna siya sa pangalan at pagkatapos ay tanungin.

Sa pagwawakas, ingatang huwag tapusin nang madalian ang isang ma-

gandang talakayan sa paghahangad na maitanghal ang lahat ng materyal na inihanda ninyo. Ang pinakamahalaga ay nadarama ng mga miyembro ang impluwensiya ng Espiritu, lumalago ang kanilang pag-unawa sa ebanghelyo, natututong ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo, at lumalakas ang kanilang pagtatalaga ng sarili na ipamuhay ang ebanghelyo.

## Mag-anyaya ng mga Natatanging Panauhin


Maaari kayong mag-anyaya paminsan-minsan ng isang natatanging panauhin na pumunta sa inyong klase. Maaari ninyong hilingan ang isang karapat-dapat na miyembro ng Simbahan na mag-ulat, magbahagi ng isang kuwento, o magbigay ng patotoo. Ipaalam nang maaga sa taong ito kung gaanong oras ang dapat niyang gugulin. Hingin ang pagsang-ayon ng inyong obispo o pangulo ng sangay bago mag-anyaya ng isang panauhin na naninirahan sa labas ng inyong purok o sangay.

Nag-anyaya ng ibang miyembro ang isang pangulo ng korum ng mga elder upang pumunta at maglahad sa mga elder ng mga paraan upang gawing kawili-wili sa mga batang kanilang dinadalaw ang kanilang mga mensahe sa pagtuturo sa tahanan. Hindi lamang nagkamit ang mga elder ng bagong pagkaunawa kung bakit kailangang makilahok ang mga bata tuwing may pagdalaw na pagtuturo sa tahanan, kundi nakatanggap din sila ng maraming mungkahi kung paano tutulungang makilahok ang mga bata.

## Gumamit ng mga Gawain

Ang mga simpleng gawaing may kaugnayan sa aralin ay makatutulong sa mga miyembro ng klase, lalung-lalo na sa mga bata at kabataan, na matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang ganitong mga gawain ay dapat iangkop sa pagkatuto ng ebanghelyo. Maraming manwal ng aralin na gawa ng Simbahan ang may mga mungkahi para sa mga gawain.

# Ihanda ang Inyong Aralin



Mahalagang maingat na ihanda ang mga araling inyong ituturo upang epektibo ninyong maitanghal ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang mga sumusunod na mungkahi ay tutulong sa inyong maghanda.

## Tukuyin ang mga Pinagkunan

Maingat na inihanda ng Simbahan ang mga sinang-ayunang materyal sa kurikulum batay sa mga banal na kasulatan at mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Tanungin ang inyong pinuno ng pagkasaserdote o ng pantulong na samahan kung ang mga sumusunod na mapagkukunan ay makukuha para magamit ninyo:

- Manwal ng guro na inilathala ng Simbahan para sa inyong klase
- Mga kopya ng mga banal na kasulatan para sa mga miyembro ng klase
- Mga magasin ng Simbahan na naglalaman ng mga turo ng mga propeta sa mga huling araw



- Mga pantulong sa pag-aaral ng banal na kasulatan na mayroon sa inyong wika
- Isang set ng mga larawan na tinatawag na Pakete ng mga Larawan ng Sining ng Ebanghelyo, na dapat ay nasa silid-aklatan ng inyong bahay-pulungan

Pag-aralan ang mga bagay na makukuha upang maplano ninyo kung paano magagamit ang mga ito sa inyong mga aralin. Hindi ninyo kailangan ng mga detalyadong materyal upang maging epektibong guro. Maraming aralin ang itinuro ni Cristo sa mga simpleng kapaligiran. Ang pinakamahalagang impluwensiya sa inyong pagtuturo ay ang Espiritu. Ang angkop na paggamit ng mga mapagkukunan sa pagtuturo kasama ang patnubay ng Espiritu ay nag-aalay ng pinakadakilang potensiyal para sa pagkatuto ng ebanghelyo.

## Maagang Simulan ang Paghahanda

Maagang ihanda ang inyong mga aralin. Madalas ay nakatutulong na simulang pag-aralan ang mga aralin ilang linggo bago ituro ang mga ito. Nagbibigay ito ng panahon sa inyo upang makapag-isip at makapanalangin tungkol sa mga paksa sa aralin at upang makapaghanda nang husto.

## Ituon ang Pansin sa Layunin ng Aralin

Dapat magkaroon ng isang layunin ang bawat araling inyong ituturo. Halimbawa, ang layunin ng isang aralin tungkol sa pag-aayuno ay maaaring upang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang mga biyaya ng pag-aayuno o ang kahalagahan ng pag-aayuno para sa isang natatanging layunin sa Linggo ng ayuno. Ang mga pagtatanghal at talakayan sa aralin ay dapat nakatuon sa layunin.

Upang mapagpasiyahan ang layunin ng isang aralin, pag-aralan ang materyal ng aralin at ang kasama nitong mga banal na kasulatan. Hilingin sa Panginoon na tulungan kayong maunawaan ang pinakamahalagang mensahe mula sa araling ito para sa mga taong inyong tinuturuan. Tanungin ang inyong sarili, "Ano ang dapat mangyari sa buhay ng mga tinuturuan ko bilang resulta ng araling ito?" Kabilang sa maraming aralin sa mga manwal ng aralin na inilathala ng Simbahan ang mga pahayag na layunin. Ang mga pahayag na ito ay makatutulong sa inyong magpasiya kung paano dapat maimpluwensiyahan ng bawat aralin ang inyong mga tinuturuan.

## Magpasiya Kung Ano ang Ituturo

Matapos ninyong matiyak ang layunin ng isang aralin, magpasiya kung anong mga alituntunin ang dapat ituro upang maisakatuparan ang layuning iyon. Karamihan sa mga manwal ay kinabibilangan ng mga banal na kasulatan, kuwento, at iba pang impormasyon upang tulungan kayong ituro

ang aralin. Ngunit kadalasan ang isang aralin ay naglalaman ng maraming materyal na higit kaysa kaya ninyong ituro sa loob ng oras na ibinigay sa inyo. Sa gayong kalagayan, dapat kayong pumili ng materyal na lubos na makatutulong sa inyong mga tinuturuan. Tanungin ninyo ang inyong sarili, "Anong mga doktrina at alituntunin sa aralin ang makatutulong sa mga miyembro ng klase upang harapin ang mga hamong nasasagupa nila sa kasalukuyan?"

Kung kailangan ninyo ng materyal na wala sa manwal o sa mga banal na kasulatan, isaalang-alang ang paggamit ng mga kuwento at talumpati mula sa mga *Mensahe ng Unang Panguluhan*, mga *Mensahe sa Pagdalaw na Pagtuturo*, at sa mga magasin ng Simbahan, lalung-lalo na ang mga mensahe sa pangkalahatang komperensiya.

Habang nagpapasiya kayo kung ano ang ituturo:

- Pag-aralan nang may panalangin ang nilalaman ng aralin.
- Gumawa ng listahan ng mahahalagang doktrina at alituntunin na kabilang sa aralin.
- Laging alalahanin ang mga pangangailangan at kinalakihan ng inyong mga tinuturuan.
- Sundin ang patnubay ng Espiritu.

Karaniwan ay pinakamainam na ituon ang pansin sa isa o dalawang pangunahing alituntunin.

## Magpasiya Kung Paano Magtuturo

Matapos kayong makapagpasiya kung ano ang ituturo, kailangan ninyong pagpasiyahan kung paano ito ituturo. Pag-aralan ang materyal at pag-isipang mabuti nang may panalangin ang pinakamaiinam na paraan ng pagtuturo nito sa inyong mga tinuturuan. Ang mga pamamaraang ginagamit ninyo ay dapat makatulong sa mga mag-aaral na maunawaan at maipamuhay ang inyong itinuturo.

Maingat na pag-aralan ang mga banal na kasulatan, kuwento, at iba pang impormasyong tinalakay sa mga aralin at iba pang mga banal na kasulatan na makatutulong sa inyong ituro ang doktrina o alituntunin. Maghandang tulungang maunawaan ng mga miyembro ng klase kung paano gagamitin ang mga banal na kasulatan sa kanilang buhay (tingnan sa 1 Nephi 19:23).

Gayundin isaalang-alang ang paggamit ng mga kuwento at halimbawa mula sa inyong sariling buhay at buhay ng mga miyembro ng inyong klase. Halimbawa, isang binatilyo ang tumalikod sa paninigarilyo matapos ang isang klase sa pagkasaserdote tungkol sa Salita ng Karunungan kung saan inilarawan ng guro ang karanasan ng kanyang sariling kapatid na lalaki sa pagdaig sa kinagawiang iyon. Inilarawan ng halimbawang ito na kayang baguhin ng isang naninigarilyo ang kanyang mga kinagawian. Nakatulong sa miyembro ng

klase ang pakikinig sa kuwentong ito na malamang kaya niyang baguhin ang kanyang sariling buhay.

Para sa impormasyon tungkol sa mga pamamaraan sa pagtuturo na makatutulong sa pagtatanghal ninyo ng aralin, tingnan ang mga pahina 12–16 ng gabay na ito.

## Planuhin ang Pagwawakas

Madalas ibuod ng Tagapagligtas ang Kanyang itinuro at hinikayat ang mga taong gamitin ito sa kanilang buhay (tingnan ang talinghaga ng mabuting Samaritano, Lucas 10:30–37). Sa pagwawakas ng isang aralin, dapat ninyong repasuhin at ibuod ang itinuro. Magmungkahi ng mga paraan para maipamuhay ng mga miyembro ng klase ang mga doktrina o mga alituntunin ng ebanghelyo, at anyayahan silang magmungkahi ng iba pang paraan. Hikayatin silang subukin ang isa sa mga ideyang ito sa susunod na linggo. Sa susunod na mga aralin, maaari ninyo silang tanungin kung ano ang natutuhan nila mula sa kanilang mga pagsisikap.

Naanyayahan ang mga mag-aaral sa klase ng isang guro na palihim na gumawa ng paglilingkod bawat araw sa loob ng isang linggo. Sa pagsisimula ng sumunod na klase, nag-atas ng maikling pag-uulat ang guro. Maraming miyembro sa klase ang masiglang nagbahagi ng kanilang mga karanasan at ng kasiyahang nadama nila sa pamumuhay ng araling ito. Ang magandang tugon ng mga miyembrong ito sa klase ay nagudyok sa iba na sila man ay makapagbigay ng higit pang paglilingkod.

# Unawain ang Inyong mga Tinuturuan



Mahalagang unawain ang inyong mga tinuturuan. Isaalang-alang ang gulang at karanasan ng mga miyembro ng inyong klase. Ang mga taong may iba't ibang gulang ay may iba't ibang pangangailangan at natututo sa iba't ibang paraan.

## Mga Bata

Ang mga bata ay lumalago sa pangangatawan, sa pakikisalamuha, sa damdamin, at sa espirituwal. Habang naghahanda kayo ng inyong aralin, alalahanin ang mga talento, kakayahan, at pangangailangan ng bawat bata.

Nasisiyahan ang mga bata sa sari-saring bagay. Gumamit ng maiikling kuwento, mga simpleng laro, mga larawan, mga bagay na magagamit sa paglalarawan, at mga awitin upang mapanatili ang kanilang interes.

Nagsisimula pa lamang na matuto ang mga bata tungkol sa pagbabahagi, kabutihan, at pagtitiyaga. Tulungan silang mapaglabanan ang mga pagkukulang sa mga tuntuning ito sa pamamagitan ng pagpapaalala sa kanila ng halimbawa ni Jesus at paghihikayat sa kanilang sundin Siya.

Mapagtiwala at mapaniwala ang mga bata. Paniniwalaan nila ang ituturo ninyo. Mamasdan at susundin din nila ang inyong halimbawa.

## Mga Kabataan

Kung minsan ay mahirap at puno ng hamon ang panahon sa pagitan ng pagkabata at pagtanda. Ang mga miyembro ng klase ay maaaring maraming responsibilidad sa kanilang pamilya, sa paaralan, at sa trabaho. Ang mga sumusunod na mungkahi ay maaaring makatulong sa inyo upang impluwensiyahan ang mga kabataan sa kabutihan.


Ihanda ang bawat aralin upang magkaroon ng tuwirang kaugnayan sa kanilang buhay. Tulungan silang makita kung paano masasagot ng ebanghelyo ang kanilang mga katanungan at tulungan silang gumawa ng mga wastong pagpili.

Ang mga kabataan ay maaaring makadama ng lungkot o kawalang-kabuluhan. Tulungan ang bawat tao na maging mahalagang bahagi ng inyong klase. Ang pagiging kabahagi ng isang grupo na may mga pamantayan ng ebanghelyo ay nagbibigay sa mga kabataan ng lakas na espirituwal at tumutulong sa kanilang panatilihing dalisay ang kanilang buhay.

Ipakitang iginagalang ninyo ang kanilang mga kuru-kuro. Hikayatin silang makilahok sa aralin at talakayin ang kanilang mga ideya sa inyo at sa bawat isa.

## Matatanda

Iba-iba ang gulang ng matatandang miyembro ng klase at iba-iba ang kanilang mga kinalakihan at karanasan. Gamitin ang mga pagkakaibang ito upang pagyamanin ang inyong klase.



Hikayatin ang mga miyembro ng klase na magbahagi ng karunungang natutuhan nila mula sa kanilang mga karanasan. Gamitin ang marami nilang talino.

Ituro nang simple ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Tutulungan ng Espiritu Santo ang mga miyembro ng klase na maunawaan at gamitin ang mga katotohanan sa kani-kanilang buhay.

# Mga Gantimpala ng Pagtuturo



Bilang isang guro, mararanasan ninyo ang kasiyahang nagmumula sa pagtulong sa iba na lumago sa kanilang kaalaman sa ebanghelyo. Ang inyong masigasig at matapat na pagsisikap na maituro ang ebanghelyo ay makatutulong sa iba na magkaroon ng mas malakas na patotoo sa Tagapagligtas at ipamuhay ang mga kautusan.

Isang guro sa Panlinggong Paaralan ang nag-alala na marami pang iba sa klase na mas karapat-dapat na magturo kaysa kanya. Inisip niya kung may magandang impluwensiya ang kanyang pagtuturo. Pagkaraan ng isang Linggo ay hinila ng isang miyembro ng klase ang guro sa isang tabi. Sinabi niya na dahil sa mga karanasan ng kanyang asawa sa pagkadama ng Espiritu sa klase, ipinangako na nito sa sarili na titipunin niya ang kanyang pamilya araw-araw para manalangin. Nangako rin siyang maghahanda upang magtungo sa templo para maibuklod sila bilang pamilya. Ipinahayag ng miyembrong ito ng klase ang kanyang pagmamahal at lubos na pagpapahalaga sa lahat ng pagsisikap na ginawa ng guro upang maanyayahan ang Espiritu sa kanilang klase. Matapos iyon ay napuspos ng pagpapakumbaba ang puso ng guro, at naunawaan niya ang tunay na layunin at gantimpala ng pagtuturo.

Habang kayo ay nagtuturo, babasbasan kayo kasama ang inyong mga estudyante. Ang sarili ninyong

kaalaman sa ebanghelyo at patotoo sa Tagapagligtas ay titibay habang kayo ay nag-aaral, naghahanda, at nagtuturo ng mga aralin sa ebanghelyo. Makadarama kayo ng higit na pagmamahal para sa iba. Makadarama kayo ng mas malakas na pagbuhos ng Espiritu sa inyong buhay habang mapagpakumbaba at masigasig kayong nagsisikap na ipamuhay ang inyong itinuturo. Ang inyong buhay ay pagyayamanin ng paglilingkod ninyo bilang isang guro.

# Pangangasiwa sa Pagpapahusay ng Guro sa Sangay



Pananagutan ng panguluhan ng sangay ang uri ng pagtuturo sa sangay.

## Ang mga Responsibilidad ng Tagapag-ugnay sa Pagpapahusay ng Guro

Habang lumalaki ang bilang ng mga miyembro sa sangay, tumatawag at nagtatalaga ng isang tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng guro ang isang miyembro ng panguluhan ng sangay upang pamahalaan ang pagpapahusay ng guro. Maaaring isang miyembrong lalaki o babae ang tagapag-ugnay. Isa siyang miyembro ng kapulungan ng sangay at naglilingkod bilang mapagkukunan ng impormasyon ng mga pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan at mga guro sa mga pagsisikap nilang paghusayin ang pagtuturo ng ebanghelyo. Tumutulong ang tagapag-ugnay sa mga pinuno na magplano at mangasiwa ng mga pulong sa pagpapahusay ng guro at nagtuturo ng kursong Pagtuturo ng Ebanghelyo kapag inatasan.

## Suporta ng Pinuno sa mga Guro

Pananagutan ng mga pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan ang uri ng pagtuturo ng ebanghelyo sa kanilang mga organisasyon. Huwaran sila ng pinakamahusay na pagtuturo at tumutulong sa mga guro na maunawaan ang kahalagahan ng kanilang

mga tungkulin. Nagpaparating sila ng pagpapahalaga, pagtulong, at panghihikayat sa mga guro na kasama nilang naglilingkod. Ang kagalingan ng pagtuturo sa Simbahan ay mapahuhusay kapag nagbibigay ng mapagmalasakit na suporta at panghihikayat ang mga pinuno sa mga guro sa kanilang mga organisasyon.

## Mga Pulong sa Pagpapahusay ng Guro

Dapat dumalo ang bawat pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan sa isang pulong sa pagpapahusay ng guro minsan sa tatlong buwan upang matuto ng mga alituntunin, pamamaraan, at kasanayan para mapahusay ang pagtuturo at pag-aaral ng ebanghelyo. Nangunguna ang tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng guro sa pagtatakda ng petsa at pagpaplano ng mga pulong sa pagpapahusay ng guro sa pakikipagkonsulta sa mga pinuno ng pagkasaserdote at pantulong na samahan. Dapat idaos ang mga pulong sa mga panahong maluwag para sa mga guro at pinuno ngunit hindi salungat sa nakatakdang pulong tuwing Linggo. Karaniwan ay hindi dapat tumagal nang mahigit isang oras ang mga pulong.

Maaaring kabilangan ang isang pagpapahusay ng guro ng:

- Isang mensahe mula sa isang miyembro ng panguluhan ng sangay o isang pinuno ng pagkasaserdote o pantulong na samahan tungkol sa isang alituntunin ng pagtuturo o pag-aaral.
- Pagpapamalas ng isang pamamaraan o kasanayan sa pagtuturo ng isang pinuno ng pagkasaserdote o pantulong na samahan o isang guro.
- Oras para magbahagi ng mga ideya ang mga guro at pinuno at tumalakay ng mga paraan upang matulungan ang ilang partikular na miyembro ng klase.

Sa paglaki ng bilang ng mga guro at pinuno ng sangay, maaaring magdaos ng isang pulong sa pagpapahusay ng guro tuwing ikatlong buwan para sa:

- Mga guro at pinuno ng mga miyembrong 18 taong gulang at higit pa.
- Mga guro at pinuno ng mga miyembrong 12 hanggang 17 taong gulang.
- Mga guro at pinuno sa Primarya.

Maaaring itakda ang petsa ng mga pulong na ito upang makapagdaos ng isa sa bawat buwan.

## Ang Kursong Pagtuturo ng Ebanghelyo

Ang kursong Pagtuturo ng Ebanghelyo ay naglalaan ng saligan sa pagtulong sa mga miyembro na maging mas mahuhusay na guro ng ebanghelyo sa kanilang mga tahanan at sa mga pulong sa Simbahan. Isang balangkas ng kurso ang nasa mga pahina 29–32 ng gabay na aklat na ito. Ang tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng kurso ang nagtuturo ng kurso maliban kung tatawag ng isa pang mi-

yembro ng sangay ang panguluhan ng sangay upang ituro ito.

Inaanyayahan ng panguluhan ng sangay ang mga miyembro na kunin ang kurso. Karaniwan ay hindi humigit sa 10 miyembro ang sabay-sabay na kumukuha ng kurso, na nagpapahintulot sa bawat isa na ganap na makilahok.

# Balangkas para sa Kurso sa Pagtuturo ng Ebanghelyo

Ang kurso sa Pagtuturo ng Ebanghelyo ay nagbibigay ng pagkakataon sa lahat ng miyembro ng Simbahan upang matutuhan kung paano maging mas mahuhusay na guro. Ang tagapagturo sa kurso ay ang tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng guro o iba pang may karanasang guro na inatasan ng pangulo ng sangay. Maaaring ituro ang kursong ito sa oras ng Panlinggong Paaralan o sa iba pang oras na maluwag para sa lahat. Kung ang kurso ay ginaganap para sa mga pinuno at guro mula sa isang partikular na samahan, maaari itong ituro bilang bahagi ng kanilang regular na pulong sa pamumuno. Kung ang layo ng lugar o pagkuha ng mga kagamitan ay nagpapahirap na sundin ang normal na takbo ng Panlinggong Paaralan, ang kombinasyon ng pag-aaral sa tahanan at ilang pulong ng klase (bawat isa ay sumasaklaw ng maraming aralin) ay maaaring isaalang-alang.

Ang mga ideya para sa bawat aralin ay isinasaad sa gabay na aklat na ito. Habang naghahanda ng aralin ang tagapagturo, dapat siyang gumamit ng mga mungkahi sa bahaging pinamagatang "Gumamit ng Iba't Ibang Pamamaraan sa Pagtuturo." Sa pagwawakas ng bawat aralin, dapat hikayatin ng tagapagturo ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang kanilang natutuhan sa araw na iyon, sa isang klase sa Simbahan o sa gabing pantahanan ng mag-anak. Malaki ang maitutulong nito sa kanilang pag-unlad bilang mga guro.

Maliban kung nakatala, ang kurso ay dapat ituro sa loob ng walong linggo ayon sa sumusunod na iskedyul. Ang mga mungkahi sa ibaba ay para sa tagapagturo ng kurso.

## Linggo 1

Bigyan ang bawat miyembro ng klase ng kopya ng gabay na aklat na ito, at repasuhin ang mga nilalaman nito. Ituon ang pansin sa panimula at sa bahaging pinamagatang "Espirituwal na Ihanda ang Inyong Sarili." Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagtatalaga at pamumuhay ng ebanghelyo upang maging karapat-dapat sa pagkakaroon ng Espiritu.

## Linggo 2

Ituon ang pansin sa "Mahalin ang Inyong mga Tinuturuan" na matatagpuan sa bahaging pinamagatang "Magturo Gaya ng Pagtuturo ni Jesus." Sumangguni rin sa mga katangian ng grupo ayon sa gulang sa mga pahina 21–23) ng gabay na aklat na ito. Hilingin sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga karanasan kung saan nagkaroon ng magandang epekto ang pag-unawa o pagpapakita ng pagmamahal sa mga miyembro ng pamilya o mga miyembro ng klase. Maaari din ninyong talakayin kung paano makapagmamahal at makapag-aaruga ang mga guro sa bawat miyembro ayon sa kanyang mga pangangailangan, lalung-lalo na sa mga bagong miyembro, at miyembrong may kapansanan.

## Linggo 3

Ituon ang pansin sa "Ituro ang mga Katotohanan ng Ebanghelyo," na matatagpuan sa bahaging pinamagatang "Magturo Gaya ng Pagtuturo ni Jesus." Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagtuturo ng doktrina nang tapat, malinaw, at simple, na ginagamit ang mga banal na kasulatan sa pagtuturo, at pagpaplano para sa pansariling pag-aaral ng ebanghelyo.

## Linggo 4

Ituon ang pansin sa "Magturo sa Pamamagitan ng Espiritu," na matatagpuan sa bahaging pinamagatang "Magturo Gaya ng Pagtuturo ni Jesus." Tulungan ang mga miyembro ng klase na madama na maaari silang maging karapat-dapat na magkaroon ng Espiritu sa kanilang pagtuturo. Tulungan silang matutuhang kilalanin at sundin ang Espiritu.

## Linggo 5

Ituon ang pansin sa "Mag-anyaya ng Masigasig na Pagkatuto," na matatagpuan sa bahaging pinamagatang "Magturo Gaya ng Pagtuturo ni Jesus." Bigyang-diin ang mga tiyak na paraan kung paano matutulungan ng mga guro ang kanilang mga tinuturuan na tanggapin ang kanilang mga responsibilidad na matutuhan ang ebanghelyo at mas lubos na ipamuhay ito.

## Linggo 6

Ituon ang pansin sa "Lumikha ng Isang Kapaligiran para sa Pagkatuto," na matatagpuan sa bahaging pinamagatang "Magturo Gaya ng Pagtuturo ni Jesus." Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan kung paano makatutulong sa paglikha ng isang kapaligiran kung saan bawat isa ay makikilahok at gugustuhing matuto.

## Linggo 7

Ituon ang pansin sa bahaging pinamagatang "Gumamit ng Iba't Ibang Pamamaraan sa Pagtuturo." Ang pagbubuo ng isang epektibong aralin ay nangangailangan ng pag-iisip at pagkamalikhain, at makatutulong nang malaki ang materyal na nasa bahaging ito. Hilingin sa mga miyembro ng klase na magpakita o magbahagi ng naging mga karanasang nila sa mga pamamaraan sa pagtuturo na tinalakay sa bahaging ito.

## Linggo 8

Ituon ang pansin sa bahaging pinamagatang "Ihanda ang Inyong Aralin." Tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang kahalagahan ng maagang pagsisimula ng paghahanda ng aralin, at talakayin kung paano magplano at magtanghal ng mga epektibong aralin.

Sa mga angkop na punto sa kurso, maaari ninyong bigyang-diin ang mga elemento sa bahaging pinamagatang "Mga Gantimpala ng Pagtuturo." Hilingin sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga paraan kung saan pinagpala ng mga guro ang kanilang buhay at ng mga paraan kung

saan nakatulong sila sa iba bilang mga guro.

Pagkatapos ng kurso, hikayatin ang mga kalahok na magpatuloy sa pagpapahusay bilang mga guro. Kung katatawag pa lamang sa kanila bilang mga guro ng klase, dapat makipagkita sa kanila ang kanilang pinuno ng pagkasaserdote o ng pantulong na samahan at magbigay ng isang maikling pagpapakilala sa klase at sa mga miyembro nito. Matapos iyon, dapat silang mag-ulat paminsan-minsan tungkol sa kanilang pag-unlad at talakayin ang mga tiyak na pangangailangan at hamon sa kanilang mga pinuno ng pagkasaserdote o ng pantulong na samahan. Makapag-aanyaya sila ng isang pinuno upang dumalaw sa kanilang klase at tulungan sila sa anumang paraan. Ang tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng guro ay patuloy na makatutulong sa lahat ng guro—yaong mga tinawag bilang mga guro sa klase at yaong mga nagtuturo sa kanilang pamilya at sa mga responsibilidad na pangpamunuan.

# Pagkuha ng mga Materyal ng Simbahan at Paghahanap ng Impormasyon Tungkol sa Kasaysayan ng Mag-anak

Makakukuha ang mga pinunong lokal at iba pang miyembro ng mga materyal ng Simbahan, kabilang na ang mga banal na kasulatan, kursong pag-aaralan, magasin ng Simbahan, mga garment, at kasuotan sa templo, mula sa kanilang sentro ng pamamahagi ng Simbahan o *service center*, mula sa Salt Lake Distribution Center, o sa pamamagitan ng opisyal ng Internet site ng Simbahan, na nasa www.lds.org.

Matatagpuan ang impormasyon sa kasaysayan ng mag-anak sa Internet site ng Simbahan sa kasaysayan ng mag-anak, na nasa www.familysearch.org.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02345 95893 8
34595 893